



www.k2csf.org

k2c@sfgov.org

3-1-1 (in San Francisco)  
or 415-701-2311

### **PANGKALAHATANG-IDEYA NG PROGRAMA**

Ang mga Kindergarten to College (“K2C”) account ay binubuksan at pinapanatili ng Lungsod at County ng San Francisco (“ang Lungsod”) upang matulungan ang mga mag-aaral sa pampublikong paaralan sa San Francisco na makaipon para sa kolehiyo o iba pang edukasyon pagkatapos ng sekondarya. Awtomatikong magpapanatili ng K2C account para mapakinabangan ng mga indibidwal na mag-aaral na naka-enroll sa mga kalahok na paaralan at baitang sa San Francisco Unified School District (“SFUSD”). Maaaring maghulog sa account ng mag-aaral ang mag-aaral at ang kanyang mga kapamilya at kaibigan. Ang mga K2C account ay mga dinedepositohan lang na savings account na para sa kolehiyo o iba pang edukasyon pagkatapos ng sekondarya.

### **IMPORMASYON NG ACCOUNT**

Ang mga K2C account ay bubuksan at pananatilihin ng Lungsod at County ng San Francisco kasama ang Citibank, N.A. (“Citibank”). Lumalaki ang mga account sa pamamagitan ng mga kontribusyon ng mga mag-aaral, pamilya, at mga kaibigan. Ang mga account ay maaari ring makatanggap ng mga regalo mula sa mga third party, tulad ng isang kumpanya. Ang mga mag-aaral ay dapat naka-enroll sa isang kalahok na paaralan sa SFUSD upang makatanggap ng mga insentibo at scholarship ng K2C Program. Ang lahat ng mga asset ng K2C account ay pinangangasiwaan ng Lungsod para sa mag-aaral alinsunod sa mga panuntunan ng K2C program. Maaaring suriin ng mga mag-aaral at ng kanilang magulang/tagapag-alaga ang balanse at kasaysayan ng transaksyon ng kanilang K2C account online.

### **MGA KONTRIBUSYON**

Ang kontribusyon ay ang deposito ng pera sa bangko ng isang mag-aaral, o iba pang tao para sa benepisyo ng mag-aaral. Ilalagay sa K2C Account ang mga kontribusyon. Ipapamahagi ang mga kontribusyon sa mag-aaral o sa magulang/tagapag-alaga ng mag-aaral sa lahat ng sitwasyon.

### **MGA INSENTIBO AT SCHOLARSHIP**

Ang mga insentibo at scholarship ay mga pondo na maaaring makuha ng mag-aaral bilang bahagi ng K2C Program kung nakumpleto ng mag-aaral ang mga kahingian ng K2C Program. May iba’t ibang uri ng insentibo at scholarship sa K2C Program tulad ng isahang insentibo, na isang insentibo na maaaring makuha nang isang beses para sa mga kontribusyon o scholarship para sa mga tagumpay ng mag-aaral. Maaaring makuha ang parehong uri ng insentibo ng isang mag-aaral batay sa mga inaalok ng K2C Program. Lahat ng insentibo at scholarship ay kondisyonal at binabayaran ng Tagapangasiwa ng Programa.

### **MGA PAGBABAYAD**

Ang kahilingan para sa mga pondo pagkakumpleto ng K2C Program para sa edukasyon pagkatapos ng sekondarya o sa maturity ng account ay dapat idirekta sa Tagapangasiwa ng K2C Program sa [k2c@sfgov.org](mailto:k2c@sfgov.org).

Kung hindi mag-aaral pagkatapos ng sekondarya ang mag-aaral, ang lahat ng kontribusyon at regalo ay ibibigay sa mag-aaral sa edad na 25 taong gulang. Ang lahat ng iba pang pondong ibinigay ng K2C program, kabilang ang mga insentibo at scholarship, ay babalik sa K2C program. Maaaring piliin ng mga mag-aaral na maglilingkod sa isang national service program, tulad ng US Military, Peace Corps o AmeriCorps, na pataasin ang edad kung kailan nila matatanggap ang kanilang pondo nang isang taon para sa bawat taon ng serbisyo, nang hindi lalagpas sa 5 taon o hanggang sa edad na 30.

### **MGA PAG-WITHDRAW**

Kung sakaling magkaroon ng emergency sa pamilya o iba pang hindi inaasahang sitwasyon, maaaring humiling ang mag-aaral o ang kanyang magulang/tagapag-alaga na i-withdraw ng mga pondo sa K2C account bago makumpleto ng K2C Program. Sa ganitong sitwasyon, dapat makipag-ugnayan ang mag-aaral o ang kanyang magulang/tagapag-alaga sa K2C sa [k2c@sfgov.org](mailto:k2c@sfgov.org) upang humiling ng form sa pag-withdraw. Kapag ang pag-withdraw ay aprubado na, isinusuko ng mag-aaral ang mga nakatagalang insentibong may kaugnayan sa mga kontribusyon. Maaaring abutin nang hanggang 60 araw bago maproseso ang pag-withdraw.

### **PAG-ALIS SA DISTRITO NG PAARALAN**

Kung ang isang mag-aaral sa K2C ay hindi na naka-enroll sa SFUSD at mayroong permanenteng adres at pumapasok sa ibang paaralan sa Estados Unidos, mananatiling bukas ang account kung mayroong anumang kontribusyon sa K2C account. Ang anumang insentibo o scholarship na naipon noong naka-enroll pa sa SFUSD ang mag-aaral ay mananatili sa K2C account. Gayunpaman, ang K2C account ay hindi na kwalipikado para sa anumang karagdagang insentibo o scholarship. Naaangkop pa rin ang lahat ng iba pang panuntunan ng programa. Kung walang kontribusyon sa K2C account, isasara ang account at aabisuhan ang magulang/tagapag-alaga.

Maaaring magbago ang Mga Panuntunan ng K2C Program. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa K2C program, pumunta sa [www.k2csf.org](http://www.k2csf.org).

Ang K2C, K2C Kids to College (logo), Kids to College, at Kids 2 College (logo) ay mga nakarehistrong tatak ng serbisyo ng Sallie Mae Fund, isang mapagkawangawang organisasyong sino-sponsor ng Sallie Mae, Inc. Ang Sallie Mae Fund, kabilang ang parent, mga affiliate, at mga subsidiary nito, ay hindi kaanib ng Kindergarten to College Program ng Lungsod at County ng San Francisco. Bisitahin ang [TheSallieMaeFund.org](http://TheSallieMaeFund.org) upang matuto pa.